

THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

INTERFACE 2026: A Joint Academe-Industry Failure Analysis Symposium

Pahina 11



**Pagdiriwang ng
World Day for Safety
and Health at Work
2026**

Pahina 4

**Flooding Awareness
Seminar, Isinagawa sa
Brgy. Dacanlao**

Pahina 6

**PAGHAHANDA SA
HINAHARAP: Batch 11 ng
Engineering Cadetship
Program, Pormal Nang
Pinarangalan**

Pahina 10



Charlie V. Robles

Vice President and Power Complex Manager

Maligayang bati sa ating komunidad!

Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa inyong patuloy na suporta at tiwala sa SCPC at SLPGC. Hindi naging madali ang unang kalahati ng taon dahil sa mga pagsubok na ating hinarap, ngunit nananatili tayong matatag sa pangangalaga ng ating kapaligiran.

Patuloy nating pinapalakas ang mga mitigation measures at ang pakikipagtulungan sa komunidad upang maprotektahan ang kaligtasan at kalinisan ng ating kapaligiran. Bawat hakbang ay mahalaga sa pagbuo ng mas ligtas at mas luntiang kinabukasan.

Magpapatuloy rin ang ating suporta sa iba't ibang sektor. Sa mga darating na buwan, maglulunsad pa tayo ng mga programang tutugon sa pangangailangan ng komunidad. Ang SCPC at SLPGC ay mananatiling katuwang ninyo sa paglikha ng mas maayos at mas magandang kinabukasan.

Muli, maraming salamat sa inyong lahat, sa inyong walang-sawang pakikipagtulungan sa amin upang makamit ang aming mithiin sa mas maliwanag na bukas.



Rizaldy S. Manlusoc

SLPGC Operations Manager

Isang mainit na pagbati sa ating minamahal na komunidad!

Sa aming pamamahala sa planta ay maraming kaakibat na responsibilidad. Isa na rito ang mapanatiling ligtas at maayos na tumatakbo ang planta para sa kaligtasan ng mga empleyado at komunidad na naninirahan malapit sa aming operasyon.

Kaya naman ang SCPC at SLPGC ay hindi tumitigil na gumawa ng mga programa upang maproteksyunan ang kapakanan ng bawat isa. Itong second quarter ng taon, nagpatuloy ang ating mga programa para sa health at environment para sa ating mga kababayan, kabilang ang medical mission at libreng x-ray. Sumuporta rin tayo sa mga clean-up activities para makatulong sa pagpapanatili ng kaayusan sa kapaligiran. Nagsagawa rin tayo ng flooding awareness seminar at standard first aid and basic life support training para mabigyan kaalaman ang ating komunidad sa oras ng mga sakuna at emergency.

Lahat ng mga programang ito ay naisakatuparan dahil sa inyong suporta. Kaya naman ang SCPC at SLPGC ay nagpapasalamat sa inyong lahat. Makakaasa po kayong magpapatuloy ang suporta at pakikipagtulungan ng kumpanya para sa ating komunidad. Mulí, maraming salamat po at mabuhay tayong lahat!



Lean G. Depusoy

SCPC Operations Manager

Magandang araw! Malugod na pagbati sa aming host communities!

Sa bawat araw, hindi lamang paghahatid ng kuryente ang aming layunin, kundi ang matiyak na ang operasyon ay isinasagawa nang ligtas at responsable. Kaya naman ang SCPC at SLPGC ay patuloy na nagsisikap na magkaroon ng iba't ibang programa upang matiyak ang kaligtasan sa bawat proseso at mapangalagaan ang aming mga empleyado at komunidad.

Ilan sa mga programang ito ay ang pagpapatupad ng dust-control systems, tulad ng regular na paglilinis at tamang disposal ng ash upang hindi maapektuhan ang komunidad sa coal at ash dust. Bukod dito, kami rin ay nagsasagawa ng regular na equipment monitoring at maintenance sa tamang oras upang maiwasan ang anumang ingay na dulot ng pagkasira o hindi maayos na pagtakbo ng makina. Tinitiyak din naming na ang paggamit ng lahat ng equipment at anumang uri ng emisyon ay naayon sa itinakdang pamantayan.

Ang lahat ng ito ay aming isinasagawa hindi lamang para sa aming operasyon kundi para proteksyunan ang ating komunidad.

Kaya naman panatilihin nating positibo at bukas ang ating ugnayan, kung mayroon po kayong gustong idulog, bukas po ang aming tanggapan para dito. Kayo ang aming inspirasyon sa aming pagsisikap at paglilikha ng mga programang may tunay na pakinabang.

Maraming salamat sa inyong tiwala at suporta.

THE CURRENT



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF ENERGY



Editorial Adviser: Charlie V. Robles
Editor in Chief: Portia M. Vizconde
Managing Editor: Myrla O. Delos Angeles
Associate Editor: Vincent M. Humarang
Charles Audrey G. Concepcion
Nicole M. Noche
Editorial Assistant: Katlyn P. Rosales
Layout & Design: Jan Carlo P. De La Peña

MGA NILALAMAN

02 Mensahe	04 Pagdiriwang ng World Day for Safety and Health at Work 2026	06 LIGTAS ANG LAGING HANDA: SCPC at SLPGC, nakiisa sa Evacuation Drill ng Sitio San Rafael	08 PARA SA KAPALIGIRAN: IEC sa Solid Waste Management, pinaigting sa Brgy. Sampaga at Brgy. Dacanlao	10 PAGHAHANDA SA HI-NAHARAP: Batch 11 ng Engineering Cadetship Program, Pormal Nang Pinarangalan
03 Standard First Aid and Basic Life Support Training	05 Libreng Chest X-Ray para sa mga Mamamayan ng Brgy. Baclaran	07 River Clean-Up Activity sa Cawong River	09 BAYANIHAN SA PAARALAN: SCPC at SLPGC, patuloy ang suporta sa Brigada Eskwela	11 INTERFACE 2026: A Joint Academe-Industry Failure Analysis Symposium
				12 MMT Results



KALIGTASAN AT KALUSUGAN

Standard First Aid and Basic Life Support Training

Matagumpay na isinagawa ng SCPC at SLPGC ang Standard First Aid and Basic Life Support Training noong April 13-16, 2026 sa CPC Housing Facility, na dinaluhan ng 25 residente mula sa barangay Calaca at Balayan.

Tinalakay sa pagsasanay ang tamang pagtugon sa mga emergency, kabilang ang pagbibigay ng paunang lunas at basic life support. Bahagi ito ng patuloy na layunin ng SCPC at SLPGC na palakas ang kahandaan ng komunidad sa panahon ng sakuna.





Pagdiriwang ng World Day for Safety and Health at Work 2026

Ipinagdiriwang ng SCPC at SLPGC ang World Day for Safety and Health at Work 2026 noong April 29, 2026 sa CPC Mess Hall.

Layunin ng taunang pagdiriwang na maiwasan ang aksidente sa trabaho at paalalahanan ang mga empleyado na ang kaligtasan sa lugar ng trabaho ay responsibilidad ng bawat isa.

Naging bahagi ng aktibidad ang mga interactive na laro na sumubok sa kaalaman sa occupational safety at first aid. Nagkaroon din ng mga booth mula sa partner suppliers na nagpakita ng mga produktong pangkalusugan at pangkaligtasan. Nagsagawa rin ng raffle draw na siyang nagdagdag sigla sa okasyon.

Sa pamamagitan ng ganitong mga gawain, patuloy na isinusulong ng kumpanya ang mindset na: "I Am Safe. I Am Healthy. I Am Power Ready."





Libreng Chest X-Ray para sa mga Mamamayan ng Brgy. Baclaran

May kabuuang 152 residente ng Brgy. Baclaran ang nakinabang sa libreng Chest X-ray na isinagawa ng SCP C at SLPGC, katuwang ang RHU Balayan at PBSP ACCESS TB noong May 25, 2026.

Layunin ng aktibidad na mapataas ang kamalayan sa Tuberculosis at iba pang sakit sa baga, at maitaguyod ang kahalagahan ng maagang pagtuklas sa pamamagitan ng libreng serbisyong pangkalusugan.



SERBISYONG MAY PUSO: Medical Mission Activity, muling isinagawa sa Brgy. Baclaran

Naghatid ang SCPC at SLPGC ng libreng medical mission para sa mga residente ng Brgy. Baclaran, Balayan, Batangas noong May 23, 2026.

118 residente ang nabigyan ng medical consultation at libreng gamot; 80 ang sumailalim sa eye consultation at tumanggap ng libreng salamin; 81 ang nabigyan ng dental check-up at bunot ng ngipin; 17 ang sumailalim sa libreng tuli; at 21 ang nakatanggap ng libreng gupit. Ang aktibidad ay nagbigay ng ngiti at serbisyong pangkalusugan sa komunidad.

Lubos ang pasasalamat ng kumpanya sa Rural Health Unit ng Balayan at Philippine Red Cross Batangas Chapter, at iba pang katuwang na klinika sa kanilang mahalagang ambag sa tagumpay ng programang ito.





LIGTAS ANG LAGING HANDA: SCPC at SLPGC, nakiisa sa Evacuation Drill ng Sitio San Rafael

Nakiisa ang SCPC at SLPGC sa evacuation drill sa Sitio San Rafael, Brgy. Dacanlao noong June 4, 2026, bilang paghahanda sa panahon ng tag-ulan.

Pinangunahan ito ng Calaca City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) at lokal na pamahalaan upang palakasin ang kahandaan at koordinasyon sa oras ng sakuna. Ang programang ito ay pagpapakita ng patuloy na suporta ng SCPC at SLPGC sa kaligtasan at katatagan ng komunidad.



Flooding Awareness Seminar, Isinagawa sa Brgy. Dacanlao

Nagsagawa ang SCPC at SLPGC ng isang Flooding Awareness Seminar para sa mga residente ng Purok 1, Brgy. Dacanlao noong June 20, 2026, katuwang ang Calaca City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO).

Layunin ng seminar na palawakin ang kaalaman, bigyang gabay at tulungan maghanda ang komunidad sa mga tamang hakbang kapag may banta nang pagbaha. Ang hakbang na ito ay bahagi ng programa ng SCPC at SLPGC sa pagbuo ng mas ligtas, handa, at matatag na pamayanan laban sa mga sakuna.



River Clean-Up Activity sa Cawong River

Nagkaisa ang mga boluntaryo ng SCPC at SLPGC, kasama ang mga residente, sa river clean-up sa Cawong River.

Nakalap ang 56kg na residual waste at 12kg na recyclable materials mula sa ilog. Patuloy ang panawagan sa lahat na makiisa sa pangangalaga ng kalikasan upang mapanatiling malinis ang ating mga ilog.





PARA SA KAPALIGIRAN: IEC sa Solid Waste Management, pinaigting sa Brgy. Sampaga at Brgy. Dacanlao

Pinaigting ng SCPC at SLPGC ang kampanya sa kalikasan sa pamamagitan ng magkasunod na IEC activities sa Solid Waste Management para sa Brgy. Sampaga at Brgy. Dacanlao.

Katuwang ang MENRO Balayan, nakatuon sa pangangalaga ng Damiana River ang aktibidad sa Brgy Sampaga nuong April 15, habang isinagawa sa Dacanlao noong June 20 ang clean-up drive at pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa operasyon ng planta.

Layunin ng mga gawaing ito na palawakin ang kaalaman sa wastong pamamahala ng basura at isulong ang pangangalaga sa kapaligiran tungo sa mas malinis at napapanatiling komunidad.





BAYANIHAN SA PAARALAN: SCPC at SLPGC, patuloy ang suporta sa Brigada Eskwela

Nagbahagi ang SCPC at SLPGC ng mga kagamitan para sa 19 na benepisyaryong paaralan bilang suporta sa Brigada Eskwela sa Lungsod ng Calaca at Bayan ng Balayan noong June 2, 2026.

Bahagi nang ibinigay na suporta ang pagsasaayos at paghahanda ng mga pasilidad bago ang pasukan. Bukod dito, nagbigay ang dalawang kumpanya ng 500 reams ng bond paper, 320 galon ng pintura, at 400 na paintbrush.

Ang taunang inisyatibong ito ay patunay ng patuloy pagsuporta ng SCPC at SLPGC sa pagsusulong ng dekalidad na edukasyon at pagbuo ng mas maayos at ligtas na paaralan para sa mga kabataan.





PAGHAHANDA SA HINAHARAP: Batch 11 ng Engineering Cadetship Program, Pormal Nang Pinarangalan

Matagumpay na idinaos ang pagtatapos ng 24 na kadete mula sa Batch 11 ng Engineering Cadetship Professional Development Program noong April 16, 2026, sa Mess Hall Conference Room B.

Matapos ang 10 buwang puspusang pagsasanay, ganap nang handa sa mga teknikal na hamon ng industriya ang mga bagong inhinyero na binubuo ng 14 Mechanical, 8 Electrical, at 2 Chemical Engineers.

Kinilala bilang mga nanguna sa klase sina Engr. Joer Nikko A. Gracia (Valedictorian), Engr. Philip Andrei M. Castor (Salutatorian), at Engr. Jasmine Mae M. Panganiban (1st Honorable Mention).

Inaasahan na ang mga bagong propesyonal na ito ay magiging katuwang ng organisasyon sa patuloy na pagsusulong ng kahusayan, inobasyon, at pag-unlad.





INTERFACE 2026: A Joint Academe-Industry Failure Analysis Symposium

Nakiisa ang SCPC at SLPGC sa INTERFACE 2026, ang kauna-unahang Failure Analysis Symposium sa bansa, na ginanap sa University of the Philippines - Department of Mining, Metallurgical and Materials Engineering (UP-DMMME) noong June 5, 2026.

Dinaluhan ito ng mga eksperto mula sa industriya at akademya upang magbahagi ng kaalaman at best practices sa larangan ng failure analysis at engineering. Nagbahagi rin ng kaalaman ang mga kinatawan ng SCPC at SLPGC na sina Engr. Mayeth D. Marco at Engr. Ansel Rom Mendoza tungkol sa kahalagahan ng failure analysis hub sa pagpapahusay ng pagsusuri, pag-iwas sa pagkasira ng kagamitan, at pagpapalakas ng reliability ng mga pasilidad.

Sa pamamagitan ng pakikilahok na ito, ipinapakita ng SCPC at SLPGC ang patuloy na pagsusulong ng pagkatuto at inobasyon upang mapanatili ang maaasahan suplay ng enerhiya.





We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.



Plant Effluents

The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.

	pH	B Boron	COD	Oil & Grease	Phosphate	TSS
SCPC	7.9	3.5	182	<1.0	<0.01	1
SLPGC	8	3.7	117	<1.0	<0.01	1
DENR Standards	6.5-8.5	25	200	10	4	100

*This exceedance returned to acceptable levels during Q4 sampling /monitoring



Ambient Air Quality

Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.

	TSP	PM ₁₀	NO ₂	SO ₂	PM _{2.5}
UPWIND STATION Brgy. Timbain, Calaca, Batangas	39	16	4	7	0
DOWNWIND STATION Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas	22	11	4	7	2
DENR Standards	300	200	260	340	35



Ambient Noise Quality

The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.

*Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)

	Morning	Daytime	Evening	Nighttime
In front of South Bay Terminal	55	58	53	50
Outside Gate 1	60	59	58	52
Intersection going to SLPGC	56	57	55	55
Dacanlao Highway	60	69	60	57
In front of M. Secreto's house	63	65	64	61
In front of A. Valencia's house	66	69	66	59
Water intake before Dacanlao Bridge	57	59	56	55
In front of SLPGC Water Intake	55	57	55	51
DENR Standards	70	75	70	65

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
www.semiramining.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
youtube.com/@semiramampc
linkedin.com/company/semiramampc

